

Սոյն պրոշիւրը կրնաք ունենալ
Արեւմտահայերէնով

本手册有中文版本。

Cette brochure est disponible en français.

Diese Broschüre steht in deutscher Sprache
zur Verfügung.

Daim ntawv qhia no muaj ua ntawv Hmoob.

本パンフレットは日本語でご利用いただけ
ます。

본 자료는 한국어로 이용하실 수 있습니다.

Эту брошюру можно получить на
русском языке.

Este folleto está disponible en español.

Ang brochure na ito ay makukuha sa
Tagalog.

Có tài liệu này bằng tiếng Việt.

Programa sa Tulong Pinansiyal

AdventistHealth.org/FAP
844-827-5047

Pagkuha ng tulong para mabayaran ang medical bills

Programa sa Tulong Pinansiyal



Sa Adventist Health, sinisikap naming tulungan kang manatiling malusog. Kabilang dito ang pagbibigay ng tulong kung nahihirapan kang bayaran ang iyong medical bills. Dapat palagi kang nakakakuha ng pangangalagang medikal, kahit na sa tingin mo ay hindi mo kayang magbayad.

Kailangan ng tulong sa pagbabayad ng iyong medical bill?

Upang malaman kung karapat-dapat ka para sa tulong sa pagbabayad ng iyong medikal na bayarin, hilingin na punan ang isang aplikasyon para sa tulong pinansyal. Maaari mong kumpletuhin ang aplikasyon kapag ikaw ay tumatanggap ng pangangalaga o pagkatapos mong matanggap ang iyong bill. Gagamitin namin ang impormasyong ibibigay mo sa form na ito upang makita kung kwalipikado ka para sa tulong sa pagbabayad ng iyong bill.

Sa pangkalahatan:

- Kung ang iyong taunang kita ay mas mababa sa o katumbas ng 200% ng kasalukuyang Patnubay sa Pederal na Kahirapan o Federal Poverty Guideline, maaari kang maging kwalipikado para sa isang buong diskwento sa iyong bill.
- Kung ang iyong taunang kita ay mas mataas sa 200% ng kasalukuyang Patnubay sa Pederal na Kahirapan o Federal Poverty Guideline, maaari kang maging kwalipikado para sa kalahating diskwento sa iyong bill.

Paano ako mag-a-apply?

Maaari kang makakuha ng libreng kopya ng brosyur na ito, ang aming patakaran sa tulong pinansyal at isang aplikasyon sa iba't ibang wika sa pamamagitan ng:

1. Pagbisita sa lugar ng pagpaparehistro
2. Pagbisita sa aming website (AdventistHealth.org/FAP)
3. Pagtawag sa amin sa 844-827-5047
4. Pagsulat sa aming adres sa:

Adventist Health
ATTN: Patient Access
726 4th St.
Marysville, CA 95901

Matutulungan ka naming punan ang form—magtanong lamang. Kapag nakumpleto mo na ang pagsagot sa form, ibigay ito sa isang empleyado sa pagpaparehistro o ipadala ito sa koreo.

Paano ka magpapasya kung gaano karaming tulong pinansyal ang makukuha ko?

Ang halaga ng tulong na makukuha mo para mabayaran ang iyong bill ay depende sa iyong pinansyal na pangangailangan. Kapag naging kwalipikado ka para sa tulong, ginagamit namin ang karaniwang halagang ibinayad ng mga pasyenteng may insurance upang matukoy kung magkano ang hihingin sa iyo na bayaran para sa emergency at medikal na kinakailangang pangangalaga.

Programang Karaingan sa Bayarin sa Ospital

Ang Programang Karaingan sa Bayarin sa Ospital ay isang programa ng estado, na nagsusuri sa mga desisyon ng ospital may kinalaman sa kung ikaw ay kwalipikadong tulungan para mabayaran ang iyong bayarin sa ospital. Kung isa kang pasyente at naniniwala na hindi makatwiran ang pagtanggap sa iyo na magbigay ng pinansiyal na tulong, maaari kang maghain ng reklamo sa Hospital Complaint Program. Hanapin ang “Hospital Bill Complaint Program” sa hcai.ca.gov para sa karagdagang impormasyon at para maghain ng karaingan.

Higit pang tulong

Mayroong mga libreng organisasyon sa pagsusulong ng consumer na makakatulong sa iyo na maunawaan ang bayarin at proseso ng pagbabayad. Maaari kang tumawag sa Health Consumer Alliance sa 888-804-3536 o magpunta sa HealthConsumer.org para sa karagdagang impormasyon.

Ang mga indibidwal na karapat-dapat para sa tulong pinansyal ay hindi sisingilin ng mga halagang higit saAGB.

Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, mangyaring tumawag sa 844-827-5047 o bisitahin ang anumang lokasyon ng pagpaparehistro sa mga normal na oras ng negosyo. Ang mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille, malalaking print, audio at iba pang naa-access na mga elektronikong format, ay magagamit din. Ang mga serbisyonang ito ay libre.